

Mga Serbisyo para sa Estate at Personal Trust – Mga Madalas na Katanungan

Ipapaliwanag sa pamamagitan ng mga katanungang ito ang tungkol sa mga serbisyo ng Public Guardian and Trustee (PGT) at nagbibigay ng impormasyon ukol sa pangangasiwa ng estate (ari-arian) sa British Columbia.

Ang mga serbisyo ng PGT na may kaugnayan sa pangangasiwa ng estate at personal trust (pondong ipinagkatiwala) ay ibinibigay ng Estates and Personal Trust Services Division (EPTS).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng EPTS, mag-click sa links sa ibaba:

- **Estate Administration (Pangangasiwa ng Ari-arian)**
- **Personal Trust Management (Pamamahala ng Pondong Ipinagkatiwala)**
- **Curatorship of Missing Persons (Tagahanap ng mga Taong Nawawala)**
- **PGT Educational Fund Assistance (Pondong Pantulong sa Edukasyon - PGT)**

FAQs - TUNGKULIN NG PGT

- **Paano sumangguni sa PGT ukol sa pangangasiwa ng isang estate o ari-arian?**
- **Ano ang mangyayari kapag ang PGT ay tumangging mangasiwa ng isang estate?**
- **Ayoko na ang aking (kapatid na lalaki) ang mangasiwa sa estate ng aking (inang) namatay na walang testamento. Paano ko siya mapipigilan? Maari ba itong akuin PGT?**
- **Isa sa mga intestate successor o benepisyaryo ay taong wala nang kakayahang mag-isip o isang menor de edad. Maaari bang sumangkot ang PGT?**
- **Nabalitaan ko na maaari kong hilingin sa PGT na maging executor o tagapagpatupad. Paano ito nagagawa?**

PAGHAHANAP NG MGA INTESTATE SUCCESSOR NG ISANG ESTATE (KAPAG WALANG TESTAMENTO NA TAGAPAGMANA)

- **Paano hinahanap ng PGT ang mga intestate successor ng estate na kanilang pinangangasiwaan?**
- **Paano kung kausapin ako ng isang tao na sumasang-ayon na magbigay sa akin ng impormasyon tungkol sa isang pamana kapalit ng isang porsyento sa estate?**
- **Paano nalalaman ng PGT kung ang isang tao na naghahabol bilang intestate successor ng isang estate ay lehitimo ang paghahabol?**

- **Ano ang mangyayari kapag hindi matagpuan ng PGT ang mga intestate successor ng isang ari-arian?**

FAQs – MGA KARANIWANG TANONG TUNGKOL SA ESTATE AT TRUST

PAALALA: Ang impormasyong ibinabahagi sa **MGA MADALAS NA KATANUNGAN** ay inilaan upang magbigay ng pangkalahatang impormasyon ukol sa pangangasiwa ng estate. Kung mayroon kang espesipikong tanong tungkol sa isang estate na iyong pinangangasiwaan, dapat kang humingi ng legal na payo.

PANGANGASIWA NG ISANG ESTATE O ARI-ARIAN

- **Ano ang mga kailangan sa pangangasiwa ng isang estate?**
- **Magkano ang probate fees sa BC?**
- **Ano ang pagkakaiba ng executor at administrator?**
- **Ano ang pagkakaiba ng benepisyaryo at intestate successor?**
- **Sino ang mangangasiwa ng estate kapag walang testamento?**
- **Paano ko malalaman kung sino ang nangangasiwa ng isang estate?**
- **Sino ang itinuturing na isang asawa para sa layunin na pangangasiwa ng isang estate?**
- **Maaari ba na mahigit sa isang tao ang angkop sa kahulugan ng asawa?**

TUNGKOL SA MGA TESTAMENTO

- **Sino ang puwedeng gumawa ng isang testamento?**
- **Ako ay pinangalanan bilang executor (tagapagpatupad) sa isang testamento ngunit ayoko ng responsibilidad na ito. Kailangan ko bang gawin ito?**
- **Naniniwala ako na mayroong isang testamento, ngunit hindi ko alam kung nasaan ito. Ano ang dapat kong gawin?**
- **Ang namatay ay nagsulat ng isang testamento, ngunit hindi ito inirehistro. Kailangan bang nakarehistro ang isang testamento para magkaroon ng bisâ?**
- **Naniniwala ako na ako’y isang benepisyaryo. Paano ko malalaman kung ano ang nasa testamento?**
- **Paano ko magagawang kumilos ang executor?**
- **Ano ang magagawa ko kapag ang isang executor o administrator ay hindi tama ang pangangasiwa sa estate?**

PAGSASAAYOS AT PAGBABAYAD NG LIBING

- **Sino ang may karapatang gumawa ng pagsasaayos ng libing?**
- **Hindi ko kayang bayaran ang gastos ng libing. Anong pinansyal na tulong ang maari kong makuha?**

PAG-AASIKASO SA MGA ARI-ARIAN NG NAMATAY

- **Lahat ng mga ari-arian ay joint o nasa pangalan ng ilang tao. Kailangan ba na ang estate ay mai-probate o mai-administer?**
- **Ang assets lamang ng namatay ay isang napakaliit na account sa bangko at dalawang tseke na ang tantyang halaga ay \$500. Ano ang gagawin ko?**
- **Kailangan kong ibenta ang kotse ng namatay - ito lamang ang ari-arian nila. Paano ko magagawa ito?**
- **Ang namatay ay may ilang mga alagang hayop at walang mag-aalaga sa mga ito. Ano ang dapat gawin?**
- **Paano ko mapipigilan ang mga tao sa pagnanakaw sa dating tinitirhan ng namatay?**
- **Paano ko aasikasuhin ang mga ari-arian ng namatay na nasa labas ng British Columbia?**

PAGHARAP SA MGA CREDITOR (PINAGKAKAUTANGAN) AT LANDLORD (NAGPAPAUPA)

- **Lumilitaw na ang namatay ay may inutang na malaking halaga mula sa mga credit card at ang pamilya ng namatay ang pinagbabayad ng mga ito. Mayroon bang anumang obligasyon ang pamilya na bayaran ito?**
- **May utang na pera sa akin ang namatay. May magagawa ba akong paraan para masingil ito?**
- **Ang nagpapaupa o landlord ay naggigiit na alisin kaagad ang mga ari-arian ng namatay. Anong dapat kong gawin?**
- **Ako ay nagpapaupa ng tirahan, at isa sa aking mga taga-upa ay namatay. Anong dapat kong gawin?**

MGA KARAPATAN AT PAGHAHABOL SA ESTATE O ARI-ARIAN

- **Ano ang mga karapatan ng isang asawa na nakipagwalay?**
- **Ano ang mga karapatan ng isang ka-live in o common law na asawa?**
- **Sino ang makakakuha ng estate kapag walang testamento?**

IBA PANG MGA MADALAS ITANONG

- **Nakasaad sa testamento ng aking (ina) na ang kanyang estate ay ipamamana sa pasilidad na nag-aalaga at tinitirhan niya nitong mga nakalipas na taon. Ito ba ay pinahihintulutan?**

MGA TAONG NAWAWALA

- **Ang aking kapatid na lalaki ay nawawala ilang linggo na ang nakaraan. Nag-fishing lamang siyang mag-isa at hindi na nakauwi. May palagay ako na siya ay patay na. Siya ay may mga bills na kailangang mabayaran. Ang kotse niya ay nasa aking bahay at alam kong siya ay may pera sa bangko. Sinasabi ng mga pulis na ginawa na nila ang lahat ng kanilang magagawa. Ano ang dapat kong gawin?**

SAAN MAKAKAHINGI NG TULONG

- **Wala akong abogado. Saan ako maaaring humingi ng tulong para sa mga testamento at tungkol sa pangangasiwa sa estate?**

TUNGKULIN NG PGT

Ang PGT ang mangangasiwa sa ari-arian kapag ang executor, intestate successor (walang testamento na tagapagmana), benipisyaryo o iba pang karapat-dapat na tao ay walang kakayahan o ayaw na gawin ito. Ang PGT ay maaari ring sumang-ayon na mahirang na executor sa isang testamento sa mga naaangkop na sirkumstansya.

Paano sumangguni sa PGT para sa pangangasiwa ng isang estate o ari-arian?

Ang mga executor, intestate successor at benepisyaryong nais sumangguni sa PGT Estate and Personal Trust Services tungkol sa isang ari-arian ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa aming opisina at makipag-usap sa EPTS Duty Officer bago ang pagsusumite ng isang referral. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo tulad ng Coroner's Office, mga ospital, mga awtoridad sa kalusugan at RCMP na nais magsumite ng referral ay maaaring i-fax ang referral nang direkta sa 604.660.0964. Upang makakuha ng isang online na referral form para sa EPTS, mangyaring mag-click [dito](#).

Ano ang mangyayari kapag ang PGT ay tumangging mangasiwa ng isang estate?

Hindi pinangangasiwaan ng PGT ang lahat ng estate na ini-refer sa amin. Halimbawa, ang PGT ay hindi pangangasiwaan ang isang estate kapag ang ari-arian ay hindi sapat upang mabayaran ang libing at mga gastos sa pangangasiwa at mga kabayaran (fees) namin. Kapag ganito ang kalagayan at walang executor o kilalang kamag-anak, gumagawa kami ng isang referral sa Funeral Services Program (o Mga Serbisyo para sa Pagpapalibing) ng probinsya, na pagkatapos ay maaaring

mangasiwa ng libing ng namatay. Kung ikaw ay kasangkot sa isang estate na hindi maaaring pangasiwaan ng PGT dahil sa limitadong mga asset, maaari mong kontakin ang [Service BC](#) na magdidirekta sa iyo sa lokal na opisina ng Ministry of Social Development and Social Innovation kung saan ay maaari mong hilingin ang “Mga Serbisyo para sa Pagpapalibing”.

Ayoko na ang aking (kapatid na lalaki) ang mangasiwa sa estate ng aking (inang) namatay na walang testamento. Paano ko siya mapipigilan? Maari ba itong akuin PGT?

Ang PGT ay isasaalang-alang ang isang kahilingan upang pangasiwaan ang isang estate. Kadalasan, ang PGT ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng lahat o mayorya ng mga intestate successor. Ang hukuman ay hindi maaaring humirang sa PGT na maging administrator ng walang nakasulat na pahintulot.

Ang [Wills, Estates and Succession Act](#) (Batas ukol sa mga Testamento, Ari-arian at Pagmamana) ay nagsasabi na kapag walang testamento ay may prayoridad sa mga aplikante. Kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa iminungkahing administrator, maaari kang humingi ng legal na payo.

Isa sa mga intestate successor o benepisyaryo ay taong wala nang kakayahang mag-isip o isang menor de edad. Maaari bang sumangkot ang PGT?

Upang matiyak na maprotektahan ang mga karapatan ng menor de edad, ang isang aplikante na humihiling ng probate o pangangasiwa ay karaniwang dapat na ipagbigay-alam sa tagapag-alaga (o guardian) ng menor de edad at sa PGT kapag ang isang bata ay maaaring isang intestate successor o benepisyaryo ng estate. Upang matiyak na maprotektahan ang mga karapatan ng isang taong nasa hustong gulang na maaaring wala nang kakayahang mag-isip, ang isang aplikante na humihiling ng probate o pangangasiwa ay karaniwang dapat na ipagbigay-alam sa committee at sa PGT kapag ang indibidwal ay maaaring isang intestate successor o benepisyaryo ng estate. Kung wala pang isang committee, dapat na ipagbigay-alam sa PGT at sa indibidwal. Makakakuha ng karagdagang impormasyon mula sa [PGT Grant Application Review Services](#).

Nabalitaan ko na maaari kong hilingin sa PGT na maging executor o tagapagpatupad. Paano ito nagagawa?

Maaaring sumang-ayon ang PGT na mahirang na executor sa isang testamento. Karamihan sa mga tao ay naghihirang ng isang malapit na miyembro ng pamilya o mapagkakatiwalaang kaibigan. May mga taong gusto ng isang propesyonal na administrator tulad ng isang abogado, trust company o ang PGT. Kung isinasaalang-alang ang paghirang sa PGT bilang executor, mangyaring makipag-ugnayan sa [Estate and Personal Trust Services](#) upang alamin kung ang PGT ay naaangkop na opsyon at sasang-ayon na maging executor ng iyong testamento.

PAGHAHANAP NG MGA INTESTATE SUCCESSOR NG ISANG ESTATE

Paano hinahanap ng PGT ang mga intestate successor ng estate na kanilang pinangangasiwaan?

Malaki ang ginagawang pagsisikap ng PGT upang hanapin ang mga intestate successor kapag ito ay nangangasiwa ng isang estate. Ang prosesong ito ay kadalasang sinisimulan sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng mga personal na talaan ng namatay at pakikipag-usap sa mga kakilala ng namatay,

tulad ng mga caregiver, mga kasamahan o mga kaibigan. Kapag may mga kamag-anak na nakilala at matatagpuan, ang pagdedesisyon kung sino ang may karapatang magmana ayon sa batas ay karaniwang simpleng bagay lamang. Kinokontak ng PGT ang mga posibleng kamag-anak at humihingi sa mga ito ng katibayan ng kanilang pagkakakilanlan at ng kanilang relasyon sa namatay.

Sa maraming pagkakataon, mahirap na makilala at hanapin ang mga kamag-anak. Gumagamit ang PGT ng mga naaangkop na paraan upang matukoy ang kinaroroonan ng kamag-anak, at maaaring kumuha propesyonal na genealogists o iba pang mga imbestigador upang idokumento ang 'family tree' ng pamilya ng namatay. Ang mga ekspertong ito ay gumagamit ng iba't ibang mga pamamaraan tulad ng paghanap sa kapanganakan, rekord ng kasal at kamatayan, paggamit ng iba pang mga database at talaan, gayundin ang pagkontak sa mga tao o mga ahensyang maaaring mayroong impormasyon tungkol sa mga kamag-anak ng namatay. Madalas na ang mga paghahanap ay dapat gawin para sa mga intestate successor sa Canada pati na sa ibang bansa. Kapag umarkila ang PGT ng mga propesyonal upang makatulong sa mga paghahanap na ito, ang kanilang mga kabayaran ay nagmumula sa estate.

Paano kung kausapin ako ng isang tao na sumasang-ayon na magbigay sa akin ng impormasyon tungkol sa isang pamana kapalit ng isang porsyento sa estate?

Ang isang propesyonal na kinontrata ng PGT upang maghanap ng intestate successor ng isang estate ay hindi kailanman hihiling sa iyo na pumirma sa isang kasunduan na magbibigay ka ng bahagi ng estate o ari-arian.

May mga indibidwal na minsan ay tinatawag na heir tracers (mga tagahanap ng tagapagmana) - na, bilang isang negosyo, naghahanap ng mga taong hindi alam ang kanilang mga karapatan sa mana. Ang mga heir tracers ay madalas na sumisingil ng napakalaking bayad o "finder's fee" bago ibigay sa tao ang impormasyong kailangan nila upang makakuha ng mana o kumikilos sa kanilang ngalan upang makolekta ng mana. Hindi kinakailangan na mayroon kang isang "heir tracer" upang tumulong sa iyo na makuha mo ang mana mula sa isang estate na ang PGT ang nangangasiwa. Pagsisikapan ng PGT na hanapin ang lahat ng lehitimong intestate successor para sa mga estate pinangangasiwaan namin.

Kung may palagay kang ikaw ay maaaring may bahagi sa isang estate na pinangangasiwaan ng PGT pero hindi ka sigurado, mangyaring makipag-ugnayan sa PGT. Kailangan mong ibigay sa PGT ang buong pangalan ng taong namatay at ang iyong relasyon sa kanya. Susubukan ng PGT na tulungan ka upang matukoy kung ikaw ay maaaring isang intestate successor. Ang PGT ay hindi sumisingil para sa impormasyong ito pero kung mapatunayan na ikaw ay malamang na intestate successor, ipapaliwanag sa iyo ng isang kawani ng PGT kung ano ang kinakailangan mo upang patunayan na may karapatan na magmana mula sa estate.

Paano nalalaman ng PGT kung ang isang tao na naghahabol bilang intestate successor ng isang estate ay lehitimo ang paghahabol?

Dapat na matiyak ng PGT na walang sinumang may mas malapit na relasyon kaysa (mga) taong naghahabol na maging (mga) intestate successor, at may sapat na nakadokumentong katibayan ng pagkakakilanlan ang mga intestate successor upang patunayan ang kanilang relasyon sa namatay. Ginagawa ito ng PGT sa pamamagitan ng pagkumpirma sa 'family tree' ng taong namatay, tinitiyak din na ang lahat ng mga koneksyon sa pagitan ng mga henerasyon ay mapapatunayan. Ang katibayan ay sinusuri ng mga nakatataas na miyembro ng staff bago ipamahagi ang ari-arian.

Ano ang mangyayari kapag hindi matagpuan ng PGT ang mga intestate successor ng isang ari-arian?

Pinagsisikapan ng PGT na hanapin ang mga intestate successor para sa lahat ng estate na pinangangasiwaan nito. Kung hindi mahanap ng PGT ang intestate successor ng isang ari-arian, lahat o bahagi ng estate ay maaaring ilipat sa BC Unclaimed Property Society. Ito ay ginagawa lamang matapos na gamitin ang lahat ng makatwirang mga paraan ng paghahanap. Kung ang intestate successor ay magpakita sa bandang huli, siya ay maaaring direktang maghahabol sa BC Unclaimed Property Society mismo.

MGA KARANIWANG TANONG TUNGKOL SA ESTATE AT TRUST

Ang impormasyong ibinabahagi sa **MGA MADALAS NA KATANUNGAN** ay inilaan upang magbigay ng pangkalahatang impormasyon ukol sa pangangasiwa ng estate. Kung mayroon kang espesipikong tanong tungkol sa isang estate na iyong pinangangasiwaan, dapat kang humingi ng legal na payo.

PANGANGASIWA NG ISANG ESTATE O ARI-ARIAN

Ano ang mga kailangan sa pangangasiwa ng isang estate?

Karaniwan, kabilang sa pangangasiwa ng isang estate ang mga sumusunod:

- pagsasaayos ng libing
- pagtukoy, pagtiyak at pagsasaayos ng mga ari-arian
- pagkuha ng pahintulot mula sa Korte Suprema ng British Columbia upang kumilos
- pagpa-file ng tax
- pagtukoy at pagbabayad ng mga makatwirang utang
- pamamahagi ng balanse ng estate sa mga karapat-dapat na intestate successor at / o benepisyaryo.

Dapat na panatilihin ang isang kumpleto at tamang talaan at gumawa ng mga kopya nito kapag hiniling ng mga intestate successor o mga benepisyaryo. Ang pangangasiwa ng isang ari-arian ay malimit na tumatagal ng hanggang 2 taon o mas matagal pa bago makumpleto.

Ang mga maliit na estate na walang mga mobile home, real property o mga pamumuhunan ay maaaring hindi kinakailangan ng pahintulot mula sa korte. Ang pangangailangan para sa probate ay tinutukoy ng mga patakaran ng ahensiya o institusyong pinansyal na humahawak ng asset.

Kung isinasaalang-alang mo ang pangangasiwa ng isang estate, maaari kang kumonsulta sa "[British Columbia Probate Kit](#)" na inilabas ng Self Counsel Press o humingi ng payo sa isang abogado.

Magkano ang probate fees sa BC?

Ang mga estate sa BC ay maaaring sumasailalim sa probate fees kung saan ay mga fees na binabayaran sa probinsya kapag naga-apply kang humingi ng awtoridad mula sa hukuman. Para sa karagdagang mga detalye sa probate fees, mag-click [dito](#).

Ano ang pagkakaiba ng executor at administrator?

Ang pagkakaiba nito ay may kinalaman sa kung mayroon o walang testamento na tumutukoy kung sino ang magiging responsable sa pangangasiwa ng estate.

Kung mayroong testamento, ang sumusunod na dalawang opsyon ay naaangkop.

- Ang isang executor ay pinangalanan sa isang testamento at may karapatang mag-apply sa Korte Suprema ng British Columbia para sa letters probate, na kinukumpirma ang karapatan upang kumilos. (Talâ: letters probate - isang kautusan mula sa hukuman para sa paghirang ng isang tao bilang executor ng isang estate).
- Kung ang executor na pinangalanan sa testamento ay nag-predecease o tumangging kumilos, isa sa mga benepisyaryo ay maaaring mag-apply sa hukuman upang mahirang na administrator sa pamamagitan ng pagkuha ng letters of administration na may kalakip na kopya ng testamento.

Kung walang testamento, ang isang indibidwal ay maaaring mag-apply sa Korte Suprema ng British Columbia para sa letters of administration, na walang kalakip na testament, at mahirang na administrator ng estate.

Ano ang pagkakaiba ng benepisyaryo at intestate successor?

Ang mga benepisyaryo ay magmamana dahil sa pinangalanan sila sa isang testamento. Ang mga intestate successor ay mga kamag-anak na magmamana dahil sa mga probisyon sa batas na matatagpuan sa ***Wills, Estates and Succession Act*** kapag walang testamento.

Sino ang mangangasiwa ng estate kapag walang testamento?

Kapag ang isang tao ay namatay na walang testamento, tinutukoy sa ***Wills, Estates and Succession Act*** ang mga taong may karapatang mangasiwa sa estate.

Ayon sa pagkakasunud-sunod, ang prayoridad ng mga ito ay:

- ang asawa o ang tao na hinirang ng asawa;
- isang anak na mayroong pagsang-ayon ng mayorya o karamihan ng mga anak o isang taong hinirang ng anak na iyon;
- isang anak na walang pagsang-ayon ng karamihan ng mga anak;
- isang intestate successor maliban sa asawa o anak, na mayroong pagsang-ayon ng karamihan ng mga intestate successor;
- isang intestate successor maliban sa asawa o anak, na walang pagsang-ayon ng karamihan ng mga intestate successor;
- sinumang tao na isinasaalang-alang ng hukuman na angkop na mahirang kabilang ang PGT.

Kung walang mga kamag-anak na nakahanda at makakayang gawin ang responsibilidad na ito, ang PGT ang maaaring umakong pangasiwaan ang estate kung matukoy namin na ang aming mga serbisyo ay may garantiya matapos naming maaseso ang estate.

Hindi pinangangasiwaan ng PGT ang mga estate kung may pagtanya na ang kabuuang halaga ng estate ay hindi mababayaran ang mga gastos sa libing at bayarin sa PGT.

Paano ko malalaman kung sino ang nangangasiwa ng isang estate?

Upang matiyak na ang mga aplikasyon sa letters probate o letters of administration ay ginawa o ipinagkaloob sa BC, maaari mong i-search sa [Court Services Online](#) para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa estate na ito. Maaaring may dagdag na kabayaran upang makuha ang mga dokumento sa pagkakakilanlan ng executor o administrator. Isipin na puwedeng ilang panahon na ang lumipas matapos ang pagkamatay, bago ginawa ang aplikasyon (karaniwan ay isang taon) at maraming mga estate sa BC ay di-pormal na pinangangasiwaan ng mga miyembro ng pamilya na ibig sabihin ay hindi nakatalâ sa hukuman o iba pang umiiral na talaan na tinutukoy kung sino ang responsable.

Kung wala pang isang aplikasyon para sa letters probate o letters of administration, malamang na mas mahirap na tukuyin kung sino ang responsable para sa isang estate. Kung ang indibidwal ay namatay sa BC at alam mo kung saan at kailan namatay ang indibidwal, maaaring makuha mo ang impormasyong ito sa pamamagitan ng abiso ng pagkamatay (obituary notice), sa punerarya, bangko, pamilya, at mga kasamahan o kapitbahay.

(Talâ: letters of administration - isang kautusan mula sa hukuman o ibinibigay ng probate registry upang maghirang ng naaangkop na mga tao para pangasiwaan ang estate ng isang namatay na indibidwal.)

Sino ang itinuturing na isang asawa para sa layunin na pangangasiwa ng isang estate?

Ito ay ipinapaliwanag sa [Wills, Estates and Succession Act](#). Ang dalawang tao ay mag-asawa kung sila ay kasal sa isa't isa o sila ay nagsasama na tulad ng relasyon ng isang mag-aasawa nang hindi kukulangin sa dalawang taon. Ang isang tao ay nagwawakas ang relasyon bilang asawa kung siya ay tuluyan nang nakipaghiwalay o isa o kapwa nila winakasan ang isang relasyon na nasa batas (common law relationship).

Maaari ba na mahigit sa isang tao ang angkop sa kahulugan ng asawa?

Maaaring mahigit sa isang tao ay angkop sa kahulugan ng asawa sa ilalim ng [Wills, Estates and Succession Act](#). Kung ang pag-aalalang ito ay lumilikha ng di-pagkakasundo kung sino ang may karapatang magsaayos ng libing, mangasiwa o magmana mula sa isang estate, malamang na kinakailangang humingi ng legal na payo.

TUNGKOL SA MGA TESTAMENTO

Sino ang puwedeng gumawa ng isang testamento?

Alinsunod sa [Wills, Estates and Succession Act](#) ang sinumang tao na 16 na taon gulang o mas matanda na may kakayahang gumawa ng testamento ay maaaring gumawa nito.

Ako ay pinangalanan bilang executor (tagapagpatupad) sa isang testamento ngunit ayoko ng responsibilidad na ito. Kailangan ko bang gawin ito?

Kung hindi mo pa nasisimulan ang pangangasiwa maaari mo itong 'talikdan', at hayaan ang mga benepisyaryong magpasya kung sino ang nararapat na mag-apply para sa 'letters of administration na may kopya ng testamento'. Ang [Wills, Estates and Succession Act](#) ang nagtatakda ng prayoridad ng mga aplikante.

Kung isaalang-alang mo na humiling sa PGT na pangasiwaan ang estate, mangyaring kontakin ang Estate and Personal Trust Services upang makipag-usap kung ang PGT ay sasang-ayon na kumilos. Ang mga executor na gustong isangguni ang estate sa PGT Estate and Personal Trust Services ay hinihikayat na kontakin ang aming opisina at makipag-usap sa isang Estate and Personal Trust Services Duty Officer bago magsumite ng isang referral. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Estate and Personal Trust Services sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa estates@trustee.bc.ca.

Kung nakapagsimula ka na sa pangangasiwa, maaaring iutos ng hukuman sa iyo na ipagpatuloy mo na. Sa ganitong kalagayan, maaari kang humingi ng legal na payo.

Naniniwala ako na mayroong isang testamento, ngunit hindi ko alam kung nasaan ito. Ano ang dapat kong gawin?

- Tingnan kung ang testamento ay nakarehistro sa [BC Vital Statistics](#).
- Hanapin sa dating tinitirhan ng namatay ang testamento. Maghanap din ng mga papeles at mga tarheta ng abogado na maaaring sinangguni, memorial society o safety deposit box sa bangko.
- Magtanong sa bangko ng namatay, abogado, executor, pinansyal na tagapayo, mga miyembro ng pamilya at malapit na kaibigan tungkol sa impormasyon sa mga dokumentong iniingatan o isang safety deposit box.
- Kung ang namatay ay isang beterano, maaaring may isang testamento-militar. Makipag-alam sa Veterans Affairs Canada o sa Library and Archives Canada.

Ang namatay ay nagsulat ng isang testamento, ngunit hindi ito inirehistro. Kailangan bang nakarehistro ang isang testamento para magkaroon ng bisâ?

Hindi. Bagama't inirerekomenda sa mga tao na magrehistro ng kanilang testamento, ito ay hindi kinakailangan upang magkabisâ o maging balido.

Naniniwala ako na ako'y isang benepisyaryo. Paano ko malalaman kung ano ang nasa testamento?

Walang pormal na 'pagbasa ng isang testamento' sa BC. Kinakailangan ng executor o administrator na magbigay ng abiso para sa kanyang balak na mag-apply ng probate at maglakip ng isang kopya ng testamento. Kinakailangang ipaalam ito sa lahat ng mga pinangalanang executor, kahaliling executor,

mga pinangalanang benepiyaryo sa testamento, at sa mga taong nais magmana kung ang namatay ay walang testamento.

Matapos ang probate, ang testamento at iba pang mga dokumento ng probate ay bukás sa publiko at ang mga kopya ay maaaring makuha mula sa hukuman.

Kung nais mong malaman kung ang awtoridad kaugnay ng isang espesipikong estate ay ipinagkaloob ng hukuman sa BC, maaari kang mag-search sa [Court Services Online](#) gamit ang internet.

Paano ko magagawang kumilos ang executor?

Kung ikaw ay benepisyaryo sa isang testamento pero hindi pa natatanggap ang isang nakasulat na abiso para mag probate ang executor ng testamento, maaari kang kumilos ayon sa Rule 25-11 ng Korte Suprema na kinakailangan ng executor na tumugon sa hukuman sa loob ng 14 na araw. Ang pamamaraang ito ay tinatawag na 'pagbanggit' ('citing') sa executor. Kakailanganin mong humingi ng legal na payo upang makatulong sa iyo. Kapag ang executor ay nagsabi na tatalikdan ang pagkakahirang niya bilang executor (hindi kikilos), maaari kang mag-apply sa hukuman para mahirang na administrator ng ari-arian.

Ano ang magagawa ko kapag ang isang executor o administrator ay hindi tama ang pangangasiwa sa estate?

Kung ikaw ay isang intestate successor o benepisyaryo, dapat mong sulatan ang executor o administrator at humingi ng isang kumpletong paliwanag ng kanyang gawain sa estate. Ang isang executor o administrator ay kinakailangang magsumite ng kanyang account sa hukuman sa loob ng dalawang taon, o kahit na isang taon mula sa petsa ng kanyang pagkakahirang, kapag hiniling ng isang intestate successor o benepisyaryo sa executor o administrator na gawin ito. Ang bawat taong may pinansyal na interes sa estate ay may karapatang dumalo sa pagdinig ng hukuman at magtanong ukol sa anumang mga pag-aalala.

Kung ang executor o administrator ay tumanggap magbigay ng isang accounting o magsumite ng kanyang mga account, maaari kang mag-apply sa hukuman para sa isang kautusan na kinakailangan ng executor o administrator na gawin ito. Kakailanganin mo ng abogado upang makatulong sa iyo rito.

Kung ikaw ay hindi isang intestate successor o benepisyaryo, ngunit alam mo na ang isang menor de edad o isang walang kakayahang nasa hustong gulang ay intestate successor o benepisyaryo, at mayroon kang mga pag-aalala kung ano ang nangyayari sa estate, makipag-ugnayan sa [PGT Grant Application Review Services](#).

PAGSASAAYOS AT PAGBABAYAD NG LIBING

Sino ang may karapatang gumawa ng pagsasaayos ng libing?

Itinatakda ng Seksyon 5 (1) ng [Cremation, Interment and Funeral Services Act](#) (*Batas ukol sa Kremasyon, Libing at mga Serbisyo sa Paglilibing*) ang mga prayoridad na taong may karapatang gumawa ng pagsasaayos ng libing. Ang nangunguna sa prayoridad ay ang personal na kinatawang pinangalanan sa testamento, kasunod ang asawa ng namatay. Pagakatapos ay mga anak na nasa hustong gulang, mga apong nasa hustong gulang, mga magulang, mga kapatid na nasa hustong gulang, mga pamangkin na nasa hustong gulang, at panghuli ay iba pang pinakamalapit na kamag-

anak. Sa mga taong may parehong antas ng pagkakamag-anak, ang prayoridad ay nagsisimula sa pamamagitan ng edad mula sa pinakamatanda.

Hindi ko kayang bayaran ang gastos ng libing. Anong pinansyal na tulong ang maari kong makuha?

Ang mga gastos ng libing at mga kaugnay na serbisyo ay lubhang magkakaiba. Laging isiping mabuti ang mga gastos ng libing at mga kaugnay na serbisyong ianaayos mo dahil ikaw ang magbabayad nito kapag pumirma ka ng kasunduan. Ang mga funeral director ay maaaring makatulong sa iyo sa paggawa ng mga desisyon sa budget at mga sirkumstansya. Maaaring nagkakaiba ang mga presyo kaya dapat kang humingi ng mga pagkalkula o estimate ng mga gastos sa ilang mga service provider (o punerarya). Kung ikaw ang executor o pinakamalapit na kamag-anak na nangangasiwa ng estate, dapat mong siyasatin ang mga sumusunod:

- Ang bank account ng taong namatay. Ang makatwirang gastos sa libing ang unang babayaran ng estate. Kung ang namatay ay may sapat na pera sa bangko, ang bangko ang madalas na nagbabayad ng gastos sa libing sa punerarya mula sa account ng namatay. Kausapin mo ang bank manager upang kumpirmahin na ikaw ay magbabayad ng libing mula sa account. Ang bangko ay maaaring sumang-ayong gumawa ng isang tseke mula sa account ng namatay at ipadala ito sa punerarya.
- Maaaring magbigay ng benepisyo sa kamatayan ang Canada Pension Plan kung ang namatay ay may trabaho at nagbayad sa Plan. Makukuha ang karagdagang impormasyon mula sa [Service Canada](#). Ang benepisyong ito ay maaaring hindi sakop ang buong gastos ng libing.
- Maaaring may makukuhang benepisyo para sa kamatayan mula sa [Work Safe BC](#) kung ang pagkamatay ay resulta ng isang aksidente sa trabaho.
- Maaring may makukuhang tulong mula sa [Crime Victims Assistance](#) kung ang kamatayan ay resulta ng isang krimen.
- Maaaring may makukuhang benepisyo mula sa [ICBC](#) kung ang kamatayan ay resulta ng isang aksidente sa sasakyan.
- Ang tagapag-empleyo ng namatay, labor union, trade association o club ay maaaring mayroong plano para sa pensiyon o iba pang plano ng benepisyo na may probisyon para sa benepisyo sa kamatayan o suporta sa gastos sa libing.
- Kung ang isang beterano ng WWII o Digmaan sa Korea ay namatay na walang pera, ang Last Post Fund ay maaaring magbigay ng libing at marka sa libingan sa isang kalapit na sementeryo. Kung ang beterano ay miyembro Royal Canadian Legion, ang mga kasamahang miyembro ay maaaring magpadala ng honour guard sa libing kapag hiniling.
- Ang Funeral Services Program ay maaaring magbigay ng isang disenteng libing at kremasyon kung ang namatay ay walang pambayad at walang pondong magagamit mula sa pamilya o iba pang mapagkukunan. Kung ikaw ay kasangkot sa isang

estate na hindi maaaring pangasiwaan ng PGT dahil sa limitadong assets, maaari mong kontakin ang Service BC na magdidirekta sa iyo sa opisina ng Ministry of Social Development and Social Innovation kung saan maaari mong hilingin ang “Mga Serbisyo para sa Pagpapalibing”.

PAG-AASIKASO SA MGA ARI-ARIAN NG NAMATAY

Lahat ng mga ari-arian ay joint o nasa pangalan ng ilang tao. Kailangan ba na ang estate ay mai-probate o mai-administer?

Hindi kailangang mai-probate o mai-administer ang isang estate kapag ang lahat ng assets nito (tulad ng mga account sa bangko o real property) ay kasamang pag-aari o ka-joint ng isa pang tao at ang mga RRSP, mga pensiyon at insurance policies ay may pinangalanang benepisyaryo. Karaniwan, ang mga assets ay hindi bahagi ng estate at madalas na inililipat nang direkta sa natitirang buháy (survivor) o pinangalanang benepisyaryo. Alamin sa isang abogado o sa bangko, kumpanya ng insurance, at Land Title Office ang tungkol sa kakailanganing dokumentasyon upang makuha ang mga benepisyo ng seguro o mailipat ang titulo sa natitirang buháy na ka-joint na (mga) may-ari.

Ang assets lamang ng namatay ay isang napakaliit na account sa bangko at dalawang tseke na ang tanyang halaga ay \$500. Ano ang gagawin ko?

Karamihan sa mga bangko at mga credit union ay naglalabas ng pondo sa executor o pinakamalapit na miyembro ng pamilya kapag ang isang estate ay mas maliit ang halaga sa \$10,000. Maaaring pumayag ang bangko na ideposito ang mga tseke sa account ng namatay, at pagkatapos ay ilabas ang pondo sa isang Indemnity Agreement (kasunduan upang bayaran ang bangko mula sa mga makukuhang pondo mula sa estate). Ang executor ng testamento ang makukumpleto ng kasunduan, o kapag walang testamento, ang mga intestate successor na magmamana alinsunod sa [Wills, Estates and Succession Act](#) ang gagawa nito. Ang mga bangko ay karaniwang naglalabas ng pondo para sa pagbabayad ng mga gastos sa libing nang hindi kinakailangan ng Indemnity Agreement. Kontakin ang bangko o financial institution upang malaman kung ano ang mga kakailanganin nila.

Kailangan kong ibenta ang kotse ng namatay - ito lamang ang ari-arian nila. Paano ko magagawa ito?

Ang isang [Autoplan](#) broker ay maaaring ipaliwanag ang mga kinakailangan upang mailipat ang pagmamay-ari ng sasakyan na matatagpuan din sa [Motor Vehicle Act](#).

Ang namatay ay may ilang mga alagang hayop at walang mag-aalaga sa mga ito. Ano ang dapat gawin?

Kontakin ang isang miyembro ng pamilya o ang lokal na SPCA, maaaring mayroon silang mga mungkahing iba pang maaaring makatulong.

Paano ko mapipigilan ang mga tao sa pagnanakaw sa dating tinitirhan ng namatay?

Bilang executor o administrator ng estate, ikaw ang may pananagutang protektahan ang mga assets ng estate. Kung madaling pagsamantalahan ang mga ari-arian ng namatay ay dapat mong:

- Palitan ang mga kandado sa ari-arian o tirahan at tiyakin na ito ay napangangalagaan.
- Gumawa ng isang puspulang imbentaryo at kunan ng litrato ang ari-arian at mga kagamitan ng namatay upang naaangkop maiseguro.
- Ilipat ang anumang mga bagay na lubos na mahalaga sa isang mas ligtas na lugar.
- Sabihan ang mga kapitbahay tungkol sa iyong tungkulin sa estate at kung paano makikipag-ugnayan sa iyo.
- Sabihan ang lokal na pulisya at humingi ng kanilang tulong sa pagbabantay sa ari-arian.

Paano ko aasikasuhin ang mga ari-arian ng namatay na nasa labas ng British Columbia?

Dapat mong kontakin ang mga naaangkop na awtoridad (hal. ang executor, mga kamag-anak) o isang abogado na ang hurisdiksiyon ay nasasakupan ang lugar kung saan nandoon ang ari-arian upang alamin sa kanila kung ano ang kailangan upang harapin ang mga assets sa labas ng BC.

PAGHARAP SA MGA CREDITOR (PINAGKAKAUTANGAN) AT LANDLORD (NAGPAPAUPA)

Lumilitaw na ang namatay ay may inutang na malaking halaga mula sa mga credit card at ang pamilya ng namatay ang pinagbabayad ng mga ito. Mayroon bang anumang obligasyon ang pamilya na bayaran ito?

Tanging ang estate lamang ng taong namatay ang may obligasyong magbayad ng utang ng namatay. Maaaring tumagal ng kaunti na matukoy ang lahat ng assets at mga utang ng estate, at abisuhan ang mga inutangan bago bayaran ang anumang utang. Kung ang estate ay walang pambayad, ang mga utang ay binabayaran ayon sa prayoridad na tinukoy sa ***Wills, Estates and Succession Act***. Kung walang sapat na pondo ang estate para sa lahat ng inutang, ang ilan ay maaaring hindi mabayaran, o maaaring bahagi lamang ang mababayaran. Malimit ay **walang obligasyon ang sinuman na magbayad ng mga utang** maliban kung sila'y pumirma o ginarantiyahan ang utang.

May utang na pera sa akin ang namatay. May magagawa ba akong paraan para masingil ito?

Dapat kang gumawa ng nakasulat na paghahabol sa taong nangangasiwa ng estate na nagpapatunay ng utang. Ang executor o administrator ay dapat na abisuhan ka kung natanggap nila o hindi ang iyong nakasulat na paghahabol. Kapag ang iyong paghahabol ay tinanggihan, dapat ka ring abisuhan sa pamamagitan ng sulat, kung saan pagkatapos nito, mayroon kang 6 na buwan upang simulan ang isang legal na proseso. Ang administrator ay maaaring personal na managot kapag ipinamahagi niya ang estate bago madesisyunan ang iyong paghahabol. Dahil ang utang ay dapat bayaran ayon sa pagkakasunud-sunod ng prayoridad na tinukoy sa ***Wills, Estates and Succession Act***, ang pagtanggap ng iyong paghahabol ay hindi isang garantiya na ikaw ay mababayaran ng husto at maaaring abutin ng mahabang panahon bago ka mabayaran.

Ang nagpapaupa o landlord ay naggigiit na alisin kaagad ang mga ari-arian ng namatay. Anong dapat kong gawin?

Ang mga ari-arian ay assets ng taong namatay. Kung ikaw ang executor o administrator, dapat mong ilipat kaagad ang mga ito upang maseguro na mapangalagaan ang mga ari-arian (gayundin ay gumawa ng imbentaryo ng mga ito). Maaaring kailanganin mong ilipat ang mga ito sa mas angkop na imbakan. Ang mga karapatan at obligasyon sa pagitan ng estate at ng nagpapaupa ay sumasailalim sa [Residential Tenancy Act](#). Para sa karagdagang impormasyon maaari kang makipag-ugnayan sa [Residential Tenancy Office](#).

Ako ay nagpapaupa ng tirahan, at isa sa aking mga taga-upa ay namatay. Anong dapat kong gawin?

Dapat mong alamin kung sino ang may pahintulot na mangasiwa ng estate at maaaring mamahala sa paglilipat ng mga kagamitan. Kung ang iyong taga-upa ay namatay sa ospital o iba pang pasilidad, maaari mong hilinging makausap ang social worker doon. Kung ang coroner o pulis ay kasangkot, dapat mong kontakin ang coroner.

Kung walang testamento at walang kilalang kamag-anak, ang social worker sa ospital o ang coroner ay maaaring sumangguni o gumawa ng referral sa PGT at humihiling na isaalang-alang ang pangangasiwa ng estate. Matapos ito, maaari kang makipag-ugnayan sa PGT.

Ang mga karapatan at obligasyon ukol sa estate at ng nagpapaupa ay sumasailalim sa [Residential Tenancy Act](#). Para sa karagdagang impormasyon maaari kang makipag-ugnayan sa [Residential Tenancy Office](#).

MGA KARAPATAN AT PAGHAHABOL SA ESTATE O ARI-ARIAN

Ano ang mga karapatan ng isang asawa na nakipagwalay?

Kung ang pagkamatay ay naganap bago ang Marso 31, 2014: Karaniwan na ang natitirang buháy na asawang nakipaghiwalay ay may karapatan sa anumang regalo na nakasaad sa testamento, maliban kung mayroong kasunduan sa paghihiwalay o kautusan ng hukuman kung saan ang asawang nakipaghiwalay ay tinanggihan ang karapatang magmana. Kapag walang testamento, at ang mag-asawa ay naghiwalay ng mahigit sa isang taon at may layuning maghiwalay ng permanente, ang natitirang buháy ay walang karapatan na magmana. Siya ay maaaring maghain ng isang claim o paghahabol sa estate sa loob ng 6 na buwang awtoridad na ipinagkaloob sa administrator. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon sa mga karapatan ng mga nakipaghiwalay na asawa, dapat kang humingi ng legal na payo.

Kung ang pagkamatay ay naganap noong o pagkatapos ng Marso 31, 2014: Kapag ang namatay ay mayroong testamento kung saan pinangalanan ang kanyang asawa na maging executor o benepisyaryo, at kung ang mag-asawa ay naghiwalay na may layuning maghiwalay ng permanente bago ang petsa ng kamatayan, ang pagkakahirang at anumang regalo sa nakipaghiwalay na asawa ay pawawalang-bisa. Kung walang testamento at ang mag-asawa ay may layuning maghiwalay ng permanente bago ang petsa ng kamatayan, ang nakipaghiwalay na asawa ay hindi makakamana mula sa estate. Ang asawang nakipaghiwalay ay maaaring mayroong mga karapatan alinsunod sa [Family Law Act](#) at dapat na humingi ng legal na payo.

Ano ang mga karapatan ng isang ka-live in o common law na asawa?

Ang isang taong ka-live in ng namatay sa panahon ng kamatayan at kasamang naninirahan ng namatay sa isang relasyong tulad ng mag-asawa sa loob ng di-kukulangin sa dalawang taon bago ang pagkamatay, kabilang ang relasyong tulad ng mag-asawa sa pagitan ng mga taong pareho ang kasarian, ay may parehong karapatan bilang legal na asawa upang magsaayos ng libing, mangasiwa ng ari-arian at magmana.

Sino ang makakakuha ng estate kapag walang testamento?

Kung ang pagkamatay ay naganap bago ang Marso 31, 2014: Tinutukoy ng ***Estate Administration Act*** (*Batas ukol sa Pangangasiwa ng Ari-arian*) kung paano ang pamamahagi ng isang intestate estate (kapag walang testamento). Alinsunod sa batas, ang asawa, kabilang ang isang common law na asawa (pati na ang may parehong kasarian), at mga isyu (mga anak, apo, at iba pa) ay magmamana ng estate. Kapag walang asawa o isyu, ang mga magulang ng namatay ang magmamana. Kung patay na ang mga magulang, mga kapatid at anak ng sinunumang namatay na kapatid ang magmamana. Kung walang mga buháy na kapatid, ibinabahagi nang pantay-pantay sa mga pamangkin, at kung wala ni isa man sa itaas, hinahati ang estate nang magkakapareho sa mga natitirang buháy na kamag-anak na may magkakaparehong relasyon sa namatay.

Kung ang pagkamatay ay naganap noong o pagkatapos ng Marso 31, 2014: Tinutukoy ng ***Will, Estate Administration Act*** kung paano ang pamamahagi ng isang intestate estate.

IBA PANG MGA MADALAS ITANONG

Nakasaad sa testamento ng aking (ina) na ang kanyang estate ay ipamamana sa pasilidad na nag-aalaga at tinitirhan niya nitong mga nakalipas na taon. Ito ba ay pinahihintulutan?

Alinsunod sa ***Community Care and Assisted Living Act*** (*Batas ukol sa Pangangalaga sa Komunidad at Pamumuhay na Inaasistihan*) ay kakailanganin ng nakasulat na pahintulot ng PGT kung ang pasilidad na nag-alaga sa isang taong namatay o mga empleyado nito ay mga benepisyaryo sa kanyang testamento. Sinisiguro nito na ang pagpapamana ay naaangkop sa mga sirkumstansya kapag ang testamento ay ipinatupad.

Sinuman ang nag-iisip na magpamana sa isang pasilidad ng pangangalaga o mga empleyado nito kung saan siya ay isa o ay naging kliyente ay dapat na humingi ng legal na payo sa paggawa ng isang testamento upang matiyak na maaaring maipamahagi ang mana.

Ang impormasyon kung paano harapin ang isang kalagayan kung saan ang isang tagapag-alaga o pasilidad ng pangangalaga ay benepisyaryo sa isang testamento ay makukuha mula sa PGT.

MGA TAONG NAWAWALA

Ang aking kapatid na lalaki ay nawawala ilang linggo na ang nakaraan. Nag-fishing lamang siyang mag-isa at hindi na nakauwi. May palagay ako na siya ay patay na. Siya ay may mga bills na kailangang mabayaran. Ang kotse niya ay nasa aking bahay at alam kong siya ay

may pera sa bangko. Sinasabi ng mga pulis na ginawa na nila ang lahat ng kanilang magagawa. Ano ang dapat kong gawin?

Kung may sapat na katibayan na ang isang tao ay patay na, ang hukuman ay maaaring maglabas ng isang kautusan na pagpapalagay ng kamatayan (presumption of death order). Kapag ang isang tao ay nawawala ng di-kukulangin sa tatlong buwan at walang balita mula sa mga kamag-anak o iba pang may kaugnayan sa kanya, ang hukuman ay maaaring hirangin ang PGT o sinumang naaangkop na tao para maging curator o tagapangasiwa ng mga ari-arian ng taong nawawala. Dapat kang humingi ng legal na payo kung sakaling ang hukuman ay maglabas ng kautusan na pagpapalagay ng kamatayan o maghirang ng isang curator upang mangalaga ng ari-arian ng iyong kapatid. Bilang kahalili, maaari mo ring hilingin sa PGT na ito ang kumilos bilang curator.

SAAN MAKAKAHINGI NG TULONG

Wala akong abogado. Saan ako maaaring humingi ng tulong para sa mga testamento at tungkol sa pangangasiwa sa estate?

Ang ilang mga mungkahi ay ang mga sumusunod:

- Ang Lawyer Referral Service ay maaaring magsangguni sa mga tumatawag para sa isang lokal na abogado. Humiling ng isang tao na may pagkadalubhasa sa mga testamento at estate. Maaari kang humiling para sa 1/2 oras na panimulang konsultasyon. Telepono: 604.687.3221 o tumawag nang libre sa 1.800.663.1919
- Magagamit na mga self-help na patnubay online. Ang iyong lokal na pampublikong aklatan ay maaari ring mayroong mga publikasyong magagamit.
- **The People's Law School**
- **Law Students Legal Advice Program**: UBC 604.822.5791, UVIC 250.385.1221 o www.thelawcentre.ca
- **Justice Access Centres**
- **ClickLaw**
- **Mga Notaryo** (para sa paggawa ng mga simpleng testamento)
- Para sa impormasyon ukol sa mga dokumento sa probate o probate fees, bisitahin ang [website ng Court Services](#).
- Kung gusto mong malaman kung ang isang partikular na estate ay pinangasiwaan sa British Columbia, mag-search sa [Court Services Online](#) gamit ang internet. Maaaring may mga bayarin upang tingnan o makatanggap ng mga detalye o dokumentong kaugnay ng isang file.
- Upang malaman kung ang namatay ay may nakarehistrong testamento, kontakin ang **BC Vital Statistics Agency**, Wills Registry.
- Upang makakuha ng mga sertipiko ng kapanganakan, kamatayan at kasal, kontakin ang **BC Vital Statistics Agency**.

- Upang makakuha ng impormasyon sa mga benepisyo ng Canada Pension Plan para sa estate, natitirang buháy na asawa o mga anak, tulad ng CPP retirement pension, CPP Death benefits, mga benepisyo sa kapansanan at survivor benefits, makipag-ugnayan sa **Canada Pension Plan Income Security Programs**.
- Upang makakuha ng impormasyon ukol sa Funeral Services Program ng probinsiya, maaari mong kontakin ang Service BC na magdidirekta sa iyo sa lokal na opisina ng Ministry of Social Development and Social Innovation kung saan maaari mong hilingin ang “Mga Serbisyo para sa Pagpapalibing”.